# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ____________________________ Petsa ____________ Marka ______

## Katotohanan o Opinyon

Kakayahan: Naitutukoy kung ang pangungusap ay nagsasaad ng katotohanan o opinyon

Isulat sa patlang ang titik **K** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng **katotohanan**. Isulat ang **O** kung ito ay isang **opinyon**.

1. _____ Ang pambansang watawat ng Pilipinas ay may kulay bughaw, pula, puti, at dilaw.
   _____ Ang paboritong kulay ko ay bughaw.

2. _____ Si Benigno S. Aquino III ay mas magaling na pangulo kaysa kay Gloria Macapagal-Arroyo.
   _____ Sa taong 2015, si Benigno S. Aquino III ang pangulo ng Pilipinas.

3. _____ Ang sigarilyo ay may *tar*, nikotina, at iba't ibang kemikal na nakasasama sa kalusugan.
   _____ Ang mga taong naninigarilyo ay masasama.

4. _____ Sabado ang pinakamasayang araw para sa akin.
   _____ May pitong araw sa isang linggo.

5. _____ Mas masarap manirahan sa pamayanang rural.
   _____ Mas maraming gusali sa pamayanang urban.

6. _____ Kulay itim, tuwid, at mahaba ang buhok ni Julia.
   _____ Ang tuwid na buhok ay mas maganda kaysa sa buhok na kulot.

7. _____ Ang gagamba ay hindi insekto.
   _____ Nakatatakot ang mga gagamba.

8. _____ Mas masarap ang mga prutas kaysa gulay.
   _____ Ang mga prutas ay may iba't ibang bitamina at mineral.

LIVEWORKSHEETS

## Pagsasanay sa Filipino

9. _____ Labag sa ating batas ang magbenta ng alak sa mga bata.
   _____ Dapat ikulong ang mga batang umiinom ng alak.

10. _____ Bibilis ang pag-unlad ng ating bansa dahil sa pagbaba ng presyo ng gasolina at diesel.
    _____ Sunud-sunod ang pagbaba ng presyo ng gasolina at diesel.

11. _____ Bumisita sa Pilipinas si *Pope Francis* noong Enero 2015.
    _____ Lahat ng Pilipino ay nasiyahan sa pagbisita ni *Pope Francis*.

12. _____ Kapag mayaman ang isang pamilya, masayahin at nagkakaisa ang mga miyembro nito.
    _____ Malaki ang bahay at magagara ang mga kagamitan at sasakyan ng pamilyang Sy.

13. _____ Si Kris Aquino ay isa sa mga pinakamagaling na aktres sa Pilipinas.
    _____ Si Kris Aquino ang pangunahing aktres sa pelikulang *Feng Shui 2*.

14. _____ Maraming Pilipino ang magaling magsalita at magsulat sa wikang Ingles.
    _____ Hindi tunay na Pilipino ang mga taong laging nagsasalita at nagsusulat sa wikang Ingles.

15. _____ Ang Pasko ay ipinagdiriwang tuwing ika-25 ng Disyembre.
    _____ Dapat bigyan ng regalo ang bawat bata tuwing Pasko.

16. _____ Mura lang ang magbakasyon sa Boracay.
    _____ Ang Boracay ay matatagpuan sa probinsiya ng Aklan.

17. _____ Mabuting libangan ang maglaro ng *online games*.
    _____ Maaaring maglaro ng mga *online games* sa *Internet café*.

LIVEWORKSHEETS